

Ang aking mga karapatan sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare)

Ito ang ikalawang edisyon ng **Australian Charter ng mga Karapatan sa Pangangalagang Pangkalusugan.**

Ang mga karapatang ito ay angkop sa lahat ng mga tao sa lahat ng lugar sa Australya kung saan ang pangangalagang pangkalusugan ay ibinibigay.

Ang Charter ay naglalarawan kung ano ang maaasahan mo, o ng taong inaalagaan mo kapag tumanggap ng pangangalagang pangkalusugan.

Ako ay may karapatan sa:

Access

- Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at paggamot na tutugon sa aking mga pangangailangan

Kaligtasan

- Tumanggap ng ligtas at may mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan na tumutugon sa pamantayang pambansa
- Maalagaan sa isang kapaligiran na ginagawang ligtas ang pakiramdam ko

Paggalang

- Tratuhin bilang isang indibidwal, at may dangal at paggalang
- Kinikilala at iginagalang ang aking kultura, pagkakakilanlan, mga paniniwala at mga pasya

Pakikipagsamahan

- Magtanong at makisali sa isang bukas at tapat na komunikasyon
- Gumawa ng mga desisyon kasama ang tagapagbigay ng aking pangangalagang pangkalusugan, hangga't makakapili at makakayanan ko
- Isali ang mga tao na gusto ko sa pagpapalano at pagdedesisyon

Impormasyon

- Malinaw na impormasyon tungkol sa aking kalagayan, ang posibleng mga benepisyo at panganib ng iba't ibang mga pagsusuri at paggamot, upang maibigay ko ang aking may-kaalamang pahintulot
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo, mga panahon ng paghihintay at mga gastos
- Mabigyan ng tulong, kapag kailangan ko ito, upang tulungan ako na maunawaan at magamit ang impormasyong pangkalusugan
- Makahiling ng access sa impormasyon tungkol sa aking kalusugan
- Masabihan kung may nangyaring hindi tama sa panahon ng pangangalaga sa aking kalusugan, paano ito nangyari, paano ito maaaring makaapekto sa akin at ano ang ginagawa upang gawing ligtas ang pangangalaga

Pagkapribado

- Igalang ang aking personal na pagkapribado
- Itabi ang impormasyon tungkol sa akin at sa aking kalusugan nang ligtas at kompidensyal

Magbigay ng feedback

- Magbigay ng feedback o makapagreklamo nang hindi nito maaapektuhan kung paano ako tinatrato
- Tugunan ang aking mga pag-aalala sa paraang walang ikinukubli at napapanahon
- Ibahagi ang aking karanasan at makilahok upang mapabuti ang kalidad ng mga serbisyo sa pangangalaga at kalusugan